



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayó ay bahagi ng ating kapaligiran

Semento at Aspalto

Pangalagaan ang Yamang-tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon

Iwasan ang magtapon

Ang pagtapon ng semento, duming-tubig na may semento at mga kemikals na ginagamit sa pagsesemento, ay kinakailangang may paglalagyan upang maiwasan ang pagpasok at pagdaloy ng mga ito sa gilid ng daan, kanal at lalo na sa stormwater drainage system.

Sakaling magkaroon ng aksidenteng pagkatapon ng kemikal sa kapaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling ang kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagtatapon at kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16138
- Surrey By-law No. 16610

Para sa karagdagang kaalaman

BC Ready-Mix Concrete Association
604.881.2522

City of Surrey, Plumbing Section
604.591.4245

City of Surrey
Drainage & Environment Section
604.591.4321

BC Ministry of Environment
604.582.5200

Kapag may nakitang natapon o itinapon na kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey's Engineering Department at **604.590.7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604.591.4431**.





Ang “brochure” na ito ay nalalapat kapag magdadampi ng aspalto, magbubuhos ng semento para sa pagtayo ng gusali, paggawa ng daan, bangketa, gilid ng bangketa, pag-aayos ng gutters o paggawa ng mga driveways.

Kapag hinayaang basta na lang tatapon ang mga materyales galing sa pagsesemento at paggawa nga aspalto, ang mga ito ay dadaloy sa stormwater drainage system hanggang sa mga sapa, ilog at batis. Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyan ng tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay mga importanteng pinagdadaanan ng tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout, at iba pang hayop at halamang nabubuhay sa tubig. **Ang mga contaminants na pumapasok sa stormwater drainage system ay maaring makakalason sa mga isda at nakakasira sa ating kapaligiran.**

Pagkatapos ma-ideliber ang semento o mai-apply ang aspalto, kinakailangang hugasan at banlawan ang natitirang semento o aspalto sa delivery trucks, shuts at iba pang gamit bago matuyo ang mga ito. Ang krudo ay ang karamihang ginagamit sa pagtanggap ng mga natitirang mga aspalto sa mga kagamitan at makinarya. Ang gawaing concrete finishing ay karaniwang gumagamit ng wash-off water upang matanggal ang sementong nasa ibabaw at makamtan ang nararapat na finish.

Ang pagbabanlaw ng semento, paggamit ng krudo at iba pang kemikals papunta sa stormwater drainage system ay maaaring magdulot ng problema:

- Ang semento ay maaring titigas sa mga gilid ng bangketa, bambang, paagusan at mga tubo na maaaring magdulot ng pagpigil ng pagdaloy ng tubig na maging sanhi ng mga pagbaha.
- Ang duming-tubig or runoff galing sa pagsesemento ay maaaring magdulot ng pagdami ng bagay na buo, mga metals at pagtaas ng pH sa stormwater at nakapagbabago ng kalidad ng tubig sa ilog, lawa at batis.
- Ang aspalto ay naglalaman ng mataas na concentration ng toxic hydrocarbons, iba pang nakakalasang kemikals, langis, grasa at metal na mapanangib sa mga hayop na nasa tubig.

Mga Pinakamahasay na Pamamaraan

Ang mga sumusunod ay mga nakasanayang pamamaraan at nararapat gawin kapag ikaw ay magbubuhos ng semento o mag-aaply ng aspalto:

Sa panahon ng konstruksyon

- Gumamit ng drip pans, ground cloths, heavy cardboard o plywood kung saan ang semento, aspalto o asphalt emulsion chunks at drips ay maaaring mahuhulog o matapon na hindi sinasadya, gaya ng sa ilalim nga extraction points ng mixing equipment.
- Maglagay ng catch basin covers, inlet protection o mga katulad na mapaglalaman upang maiwasang ang maaring pagdadaloy ang runoff galling ng konstruksyon papunta ng stormwater drainage system.
- Kailangan hindi magdidiskarga ang mga Concrete delivery at Pumping vehicles ng anumang semento, slurry, o maghugas ng na kung saan ang tubig ay maaring pumasok sa mga street gutters, stormwater drainages, drainage ditches o mga pagdadaanan papuntang storm drainage system.
- Ang lahat ng naiiwang semento, aggregate chunks, at iba pang solids ay kailangang maayos na kolektahin at itapon sa tamang pagtatapunan o bago tanggalin ang containment o cover devices.
- Itapon ng maayos ang lahat ng wash water sa mga piling lugar sa construction site na kung saan ang sediments ay maaaring salain ng lupa bago paman aabot ng stormwater drainage system.
- Kapag ang duming-tubig ay hindi maaring maitatapon sa piling lugar ng construction site, kailangang ito ay mailagay sa tamang paglalagyan, kolektahin at itatapon sa tamang pamamaraan. Ang absorbents ay maaring gamitin sa pagpapatuyo o pagkokolekta ng duming-tubig
- Kapag ka umu-ulan ang portable asphalt mixing equipment ay takpan ng awning o kaya ay ilagay sa lugar na hindi nababasang lugar.

- Magtalaga ng wash out area sa lugar kung saan maghugas ng application at maglinis ng mixing equipment. Ang washout area na ito ay maaring pagmbakan ng sobrang mga materials at slurry.
- Hanggat maaari, ang trucks at equipments ay kailangang ibalik sa kani-kanilalang planta at doon maghuhugas.
- Ang sobrang semento ay kinakailangang maibalik sa concrete batch plant upang magamit uli o kaya pa mai-recycle.
- Linisin sa pamamagitan ng pagwalis ang pouring area pagkatapos ng araw ng pagtratrabaho o kaya palagian kung kinakailangan. Huwag gumamit ng hose galing sa area papunta ng stormwater drains.

Paglalagari

- Ang slurry at sediment galing sa paglalagari ay kailangang maiipon sa isang lugar sa pamamagitan ng berms o diversion structures.
- Kolektahin ang saw-cut slurry sa mga kinalalagyan. Takpan at lagyan ng barikada ang mga malalapit na stormwater drains kapag maglalagari upang maiwasang makapasok ang mga materials sa stormwater drainage system.
- Ang mga residue galing sa cutting or grinding operations ay kailangang linisin sa pamamagitan ng pag-vacuum. Ang mga residue ay hindi dapat mapunta sa kabilang pavement at huwag hayaan sa ibabaw ng pavement. Kapag kinakailangan, gamitin ang street sweeper.
- Iwasan ang paglalagari kapag umuulan maliban kung may sapat na paglalagyan ng mga cuttings, sediments at may handang tubig panglinis.

